



**ERASMUS+ PROGRAMME, KEY ACTION 2  
CAPACITY BUILDING IN HIGHER EDUCATION  
Furthering International Relations Capacities and Intercultural Engagement to  
Nurture Campus Diversity and to Support Internationalisation at Home (FRIENDS)**

**SAINT LOUIS UNIVERSITY  
PROGRAMANG ISANG TAHANAN PARA SA MGA MALAYO  
SA SARILING TAHANAN  
Mga Patnubay/ Alituntunin para sa Pangangalaga at Suporta  
sa Mga Mag-aaral na Internasyonal/ Internasyonal na Mag-aaral**

## **1. INTRODUKSYON**

Ang proyektong FRIENDS (Furthering International Relations Capacities and Intercultural Engagement to Nurture Campus Diversity and to Support Internationalisation at Home) ay isang Erasmus + Programa para sa Pagbuo ng Kapasidad/ Kakanyahan sa mga Institusyon sa Mataas na Edukasyon (HEIs) sa 12 Katuwang na Asyanong Bansa. Ito ay nabuo sa konsepto ng Internasyonalisasyon sa Tahanan (IaH) sa limang katuwang na bansa (PCs) na kasapi sa programa: Bhutan, Cambodia, Malaysia, Pilipinas, at Thailand.

Ang Programang Tahanan para sa mga Malayo sa Sariling Tahanan ng FRIENDS ay idinesenyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga internasyonal na mag-aaral at mga mag-aaral na may magkakaibang kultura na kasalukuyang mga mag-aaral sa 12 PC HEIs. Nag-aalok ang Programa ng pinagsamang modelo ng pangangalaga at pagsuporta sa mga mag-aaral upang makabuo/makalikha ng isang karanasan sa pag-aaral na mapagtanggap, magiliw at sumusuporta/nangangalaga sa mga internasyonal na mag-aaral.

Ang sumusunod ay isang gabay na sadyang iniangkop upang maipakita ang lokal na konteksto at mga tiyak na pangangailangan sa pagsuporta at pangangalaga sa mga internasyonal na mag-aaral sa Saint Louis University, Philippines. Naitulad/naimodelo ang patnubay na ito mula sa dokumentong naipadala ng isang katuwang na unibersidad pagkatapos ng mga talakayan sa naorganisa ng FRIENDS Home Away from Home Virtual Tea Party, kung saan 49 na kawani at mga kasapi sa ehekutibo mula sa 12 mga HEI na katuwang na Asyanong Bansa at apat (4) mula sa European Programme Country HEIs ang kasama.

## **6. MGA POLISIYA AT REGULASYON sa HEIs**

Responsibilidad/Tungkulin ng Saint Louis University na bigyan ng isang ligtas, nangangalaga/nagmamalasakit na kapaligiran ang mga internasyonal na mag-aaral, kapaligirang sumusuporta at mangangalaga sa kanila habang pinagsisikapan nilang makamit/maabot ang kanilang makakaya sa kanilang pag-aaral.

*This project has been funded with support from the European Commission. This publication reflects the views only of the author, and the Commission cannot be held responsible for any use which may be made of the information contained therein.*



## **2.1 Mga Polisiya ng Institusyon**

Inilatag/Inihain ng Saint Louis University ang mga polisiya kaugnay ng pagsuporta at pagtulong sa mga internasyonal na mag-aaral, mula sa pag-alis/paglisan sa kanilang bansa, pagdating sa Pilipinas, sa kanilang pag-aaral at hangang sa pag-uwi sa kanilang lugar pagkatapos ng kanilang pagtatapos/graduation.

## **2.2 Itinalagang Kawani o Opisina**

Ang Office of the External Relations, Media, Communications, and Alumni Affairs (ERMCAA) ng SLU ang itinalagang opisina upang sumuporta at gumabay sa mga internasyonal na mag-aaral. Nakaagapay ang mga kawani ng opisina mula Lunes hangang Biyernes, 8 ng umaga hangang 5 ng hapon, maliban sa oras ng pananghalian. Magkaganun pa man, ang Direktor ay laging handa sa mga oras ng pangangailangan. Pangangasiwaan ng ERMCAA ang mga usapin tungkol sa kapakanan at kaligtasan ng mga internasyonal na mag-aaral at maaari silang maabot sa pamamagitan ng telepono, social media, at iba pang paraan ng komunikasyon.

## **2.3 Emergency Hotline 24/7**

May isang nakatuong/nakatalagang kawani ang SLU o isang koponan na maaring maabot 24 oras, higit sa oras ng pangangailangan. Sa ganitong pagkakataon, may kawani at seguridad na maaaring dumating sa loob lamang ng 20 minuto.

## **2.4 Visang Pang-edukasyon**

Kinakailangang kumuha ng visang pang-edukasyon ang sinumang internasyonal na mag-aaral na mag-aaral sa Pilipinas. Nagbibigay ng tulong, suporta at kinakailangang mga opisyal na dokumento ang SLU sa mga mag-aaral para sa pagproseso ng kanilang visa o pagpapalawig (ng pananatili) at iba pang pangangailangang proseso na hinihingi ng ating batas.

## **2.5 Seguro sa Kalusugan at Aksidente**

Nagbibigay ang SLU ng pangunahing seguro sa aksidente sa mga internasyonal na mag-aaral. Responsibilidad/ tungkulin ng mga mag-aaral ang pagpapanatili sa kontrata ng kanilang segurong pangkalusugan at aksidente habang nag-aaral. Bilang karagdagan, nagbibigay ng impormasyon at suporta ang SLU sa mga mag-aaral upang makakuha sila ng bagong kontrata o mapalawig ang kasalukuyang segurong pangkalusugan ng mga ito.

## **2.6 Mga Karapatan at Obligasyon/Tungkulin ng mga Internasyonal na Mag-aaral**



Lahat ng mga karapatan at obligasyon ng mga lokal na mag-aaral ay katulad din sa mga internasyonal na mag-aaral. Ang mga mag-aaral na internasyonal ay nararapat sumunod sa mga regulasyon kaugnay ng pag-aaral (hb., pangongopya, panunulad, copyright, atbp.) Tinitiyak ng SLU na nabibigyan ng impormasyon ang mga internasyonal na mag-aaral ng mga akademiko at mga hindi pang-akademikong panuntunan ng institusyon. Isang oryentasyon ang isasagawa at isang kit na naglalaman ng mga polisiya bilang mag-aaral at manwal sa paggabay ang ibibigay.

### **3. PANGANGALAGA AT SUPORTA SA INTERNASYONAL NA MAG-AARAL**

#### **3.1 Suportang Pang-Akademiko**

##### **3.1.1 Patnubay/Gabay Bago ang Pagdating**

Mag-aalok ang SLU ng isang gabay na aklat sa online na nasa wikang Ingles, manwal, isang website na nagbibigay ng mga mahahalagang impormasyon kaugnay ng paghahanda para sa pag-aaral sa ibang bansa, ano ang aasahan kapag nasa site (lugar na) at maging pangangailangang akademiko at suporta.

Bibigyan ng e-counseling/ payo ang mga internasyonal na mag-aaral bago sila darating ng bansa upang ipaalam sa kanila ang kanilang programang pang-edukasyon, ang kanilang pagpapakadalubhasa at iba pang mahalagang detalye na dapat maagang maasikaso.

##### **3.1.2 Programa ng Oryentasyon**

Isang oryentasyon ang ibibigay ng SLU (hb., Isang Linggong Oryentasyon ) upang ipakilala sa mga internasyonal na mag-aaral ang mga serbisyong pang-akademiko ng institusyon (hb., aklatan, technology management/ pamamahalang teknolohiya, at pag-unlad/ paglinang, pang-akademiko at mga yunit panserbisyo sa mga mag-aaral) at mga gawaing pansosyal at panlibangan; padaliin ang mga paunang payong pang-akademiko; pagpapaalam sa mga mag-aaral na internasyonal ng mga akademikong pangangailangan o kahingingan ng bawat antas o lebel ng kanilang pag-aaral. Ibibigay rin sa oryentasyon ang Manwal ng mga Mag-aaral (Student Handbook), ibibigay ng Guidance Center (Opisina/ Sentro ng Paggabay) ang Louisian Survival Journal at higit sa lahat ang mga numerong maaaring tawagan/kontakin sa oras ng pangangailangan, ang mga pangalan ng kawani ng SLU at mga kawani ng ERMCAA ay ibibigay rin. Sa oras ng oryentasyon, pagsisikapan ding isagawa ang pagpapares/ pagpapareha ng isang lokal na mag-aaral at isang internasyonal na mag-aaral na maaaring magkasama/ magkatulad sa isang kurso o organisasyon/samahan para sa mas madaling pag-aangkop/pakikibagay sa kapaligiran ng internasyonal na mag-aaral. Ang pagpapares na ito ay kilala rin bilang “buddy system”.



Isang city tour/paglilibot /pamamasyal sa buong siyudad ang ibibigay rin ng SLU, maliban sa paglibot sa buong paaralan at sa mga pasilidad nito. Sa maraming pagkakataon, aabisuhan ng SLU ang mga mag-aaral na dumating nang mas maaga upang makalahok sa programa ng oryentasyon.

### 3.1.3 Mga Tagapayong Pang-Akademiko

Isang tagapayong pang-akademiko o isang itinalagang kawani ang tinitiyak ng SLU na laging aalalay/aagapay araw-araw sa mga internasyonal na mag-aaral kaugnay ng kanilang pag-aaral. Lilikha ng isang komite ng Tagapayo ang SLU upang makipag-usap, magbahagi at magtanong ng mga usapin sa mga internasyonal na mag-aaral sa ERMCAA upang matugunan ang pamamatnubay at pagsuporta sa mga mag-aaral.

Susubaybayan/Babantayan ng mga tagapayo ang akademikong aspeto ng mga mag-aaral, ang GPA at ang kanilang pagpasok at /o pagliban sa klase upang matiyak ang kasiya-siyang pag-aaral at magbigay agad ng suporta kung kinakailangan.

### 3.1.4 Suportang Pangwika

Maraming internasyonal na mag-aaral ang hindi katutubong tagapagsalita ng Ingles. Bagaman at nagsumite sila ng katibayan ng kasanayan sa wikang Ingles para makapasok, marami sa kanila ang hirap na maipasa ang *English Exit Exam* na isang pangangailangan sa maraming HEI. Naapektuhan nang malaki ang akademikong at sosyal na pakikiangkop ng mga mag-aaral dahil sa kahirapan nila sa wikang Ingles.

Kung kaya't magbibigay ng suportang paglinang sa kasanayang Ingles ang SLU, maaaring isang *self study online language software* o isang pang-Ingles na kurso o pagtutor ng Ingles, kabilang ang masinsinang mga klase na nakatuon sa pagsubok. Maaari ring makatulong ang mga lokal na mag-aaral na may kasanayan sa Ingles o mga samahan upang higit na malinang ang kahusayan sa Ingles at matulungan ang mapadali ang pag-aaral sa ibang asignatura. Ang Language and International Studies Unit (LISU) sa ilalim ng School of Teacher Education and Liberal Arts (STELA) ay nagtuturo ng Ingles sa mga hindi nagsasalita ng Ingles tulad ng mga mag-aaral na South Korean at iba pang tulad nila.

Bilang karagdagan, nagbibigay rin ang Unibersidad ng mga batayang pag-aaral ng pambansang wika sa mga internasyonal na mag-aaral para makaagapay sila sa buhay nila sa labas ng silid –aralan o paaralan/ kampus.

### 3.1.5 Pagkilala sa mga Karangalan/Kredito

Sinusuportahan ng HEI ang paglipat ng mga kredito para sa *exchange students* sa pamamagitan ng mga itinatag na mga *credit system* tulad ng ACTS o ECTS.



## 3.2 Pangangalaga sa Kalusugan, kabilang ang Kalusugang Pangkaisipan at Pagpapayo

### 3.2.1 Segurong Pangkalusugan at Aksidente / Seguro sa Kalusugan at Aksidente

Kinakailangang mapanatili ng mga internasyonal na mag-aaral ang kanilang segurong pangkalusugan at pang-aksidente habang narito sila sa Pilipinas para sa kanilang pag-aaral. Magkaganunpaman, maaaring magkaloob ng payak/basic na seguro ang Unibersidad para sa aksidente na maaaring isama sa babayaran sa paaralan ng mag-aaral. Magbibigay rin ng impormasyon ang SLU kaugnay ng mga segurong maaaring makuha ng mga internasyonal na mag-aaral, tulad ng maaaring ialok ng mga kumpanya ng seguro na kasosyo ng institusyon.

### 3.2.2 Mga Pasilidad Pangkalusugan sa Kampus

May sariling ospital – Sacred Heart Hospital ang SLU na bukas buong araw at gabi at nasa loob ito ng kampus at may klinikang pangmedikal din na handang magbigay ng serbisyo sa mga mag-aaral kung kinakailangan. May mga rehistradong doktor at narses na marunong sa wikang Ingles ang nakahandang tumulong.

May klinikang pandental at *guidance counseling unit* din na handang magbigay ng tulong kung kailangan.

### 3.2.3 Patnubay at Pagpapayo

May mga propesyonal na tagapayo at sikologo ang SLU na handang tumulong sa mga mag-aaral na internasyonal na nakakaranas ng problema/suliranin. Ito ang Guidance Center at pinamumunuan ng direktor ng sentro/center. Nag-aalok ang Guidance Center ng pagpapayo na siyang pinakaserbisyo nito. Nagbibigay nang harapan at online na pagpapayo ang mga sikologo at tagapayo sa mga mag-aaral na mangangailangan ng tulong sa mas personal na aspeto. Nag-aalok din ang Guidance Center ng mga mahahalaga, na-update na impormasyon, pang-edukasyon, panlipunan, personal, pang-espiritwal, upang matulungan ang mga mag-aaral na internasyonal na linangin ang kanilang kakayahan sa pagdedesisyon. Ito ay ipatutupad sa pamamagitan ng mga seminar at worsyap; ang mga materyales para sa impormasyon ay makukuha ng mga mag-aaral sa opisyal na FB Page nito. Dagdag dito, magagamit nang husto ang online sa pagsasagawa ng mga webinar para sa mental na kalusugan, kagalingan/kabutihan at mga kasanayan sa buhay upang mapanatili ang paggabay na ibinibigay sa mga mag-aaral at maabot ang mas malaki pang bilang ng mamamayan.

Bukod dito, kung ang mga mag-aaral na internasyonal ay may malaking bahagdan nang di pagpasa sa pag-aaral, hb., 40% at higit, tutulungan sila sa pamamagitan ng mga makabuluhang worksyap tulad ng *Life Enrichment Program (LEP)* o pagmonitor/pagbantay sa kanilang grado at paggabay.



Ang institusyon ay may isang sistema upang matukoy/makilala ang isang mag-aaral na peligro ang pag-aaral, tulad ng komunikasyon ng guro at ERMCAA, ang *Buddy system* na pagpapaalam nang pribado kung may potensyal na kaso sa mga regular na pagpupulong. Maaaring lumikha ng mga chat group ang institusyon para pangalagaan o magbigay ng moral na suporta sa isang naospital na mag-aaral. Maaari ring obserbahan ng guro ang mga mag-aaral at magbigay ng ulat sa mga opisyal na nakatalaga sa pagpapayo kung kailangan. Maaari rin silang maghanap ng mga senyales, tulad ng madalas pagliban.

Maaaring may ilang mga pangangailangang lalabas/lilitaw mula sa mga kaganapang mangyayari sa bansang pupuntahan ng mga mag-aaral na internasyonal. Matitiyak ang suporta sa mga panahong delikado/mahirap, tulad ng COVID 19 na pandemya. Mabibigyan ng impormasyon at suporta ang mga mag-aaral sa ganitong delikadong panahong ang pag-aaral ay mahihinto at ang pagbyahe ay ipinagbabawal. Ang suportang online para sa pag-aaral at paggabay o pagpapayo para sa mga mag-aaral ay handa kung kakailanganin. Kapag ang pag-aaral ng mga internasyonal na mag-aaral ay hihigit sa isang semestre o katumbas ng limang buwan, ipaalam ng SLU sa mga embahada ng mga mag-aaral ang kalagayan ng kanilang pag-aaral.

### **3.3 Kultural at Lipunan/Sosyal na Integrasyon**

#### **3.3.1 Buddy System**

Inaayos ng SLU ang pagkakaroon ng mga mag-aaral na embahador at/o programang *Buddies* upang umagapay sa mga mag-aaral na internasyonal. Maaaring mag-alok ng mabuting pakikitungo, pag-ayos ng pamamasyal sa kampus, pamamasyal sa buong siyudad, pagtulong sa pagbukas ng *account* sa bangko ang mga lokal na mag-aaral. Maaaring makilala ng internasyonal na mag-aaral ang kanyang kasama/kabuddy sa oryentasyon o kahit bago siya dumating ng bansa sa pamamagitan ng komunikasyong online. Ang mga kaibigang ito ang magpapakilal ng lokal na kultura sa kanilang mga banyagang kaibigan at matulungan silang makaagapay sa bagong kapaligiran.

#### **3.3.2 Oryentasyon at Malugod/Masayang Pagsalubong**

Sa oras/ panahon/araw ng oryentasyon, ang lokal na kultura ay ipakikilala sa mga mag-aaral na internasyonal at maging ang aspetong sosyal ng institusyon maliban sa akademikong larang nito. Ipakikilala rin sa mga mag-aaral ang mga tuntunin at polisiya upang matulungan silang maging laging ligtas.

Iba't ibang kaganapan ang mangyayari upang salubungin nang malugod ang mga bagong mag-aaral. Isang pagdiriwang/ pagtitipon ang magaganap upang makilala



ng mga bagong mag-aaral ang mga nakatatanda nilang mga kamag-aral at makilala ang mga bagong kamag-aral.

### **3.3.3 Gawaing Magkasama /Magkasamang Aktibidad– Lokal at Internasyonal na Mag-aaral**

Isinasali ng SLU ang mga mag-aaral na internasyonal sa lahat ng mga iba pang kurikular na gawain na para rin sa mga lokal na mag-aaral tulad ng pag-cacamp, mga seminar, boluntaryong gawain. Hinihikayat ang bagong mag-aaral na maging miyembro ng International Students Association (ISA), ito ay nasasakupan rin ng ERMCAA. Ang pagiging kasapi ng ISA ay makatutulong na mapagaan ang proseso ng akulturasyon at magkaroon ng makatuwirang komunikasyon sa mga karanasan habang naninirahan sa ibang bansa. Bukod sa ISA, hinihikayat rin ang mga mag-aaral na internasyonal na magmiyembro sa mga samahang pang-akademiko at extra- kurikular na gawain.

Maaaring lumahok ang mga mag-aaral na internasyonal kasama ang mga lokal na mag-aaral sa mga gawaing co- curricular at makakuha ng ilang kredito sa paglahok sa mga gawaing pang komunidad tulad ng mga proyektong may kaugnayan sa tungkuling panlipunan at serbisyong pang komunidad. Ang pakikilahok nila sa mga gawaing panlipunan ay pagsuporta rin sa kanilang kultural na pakikiangkop.

Taon-taong nakikilahok ang SLU sa Philippine International Friendship Understanding Association (PIFUA) sa pagpili sa tatlong pinakamagagaling na mag-aaral sa Pilipinas.

### **3.3.4 Pakikipag-ugnayan/Makipag-ugnayan sa mga kawani ng Institusyon**

Mahalagang makipag-ugnayan ang mga mag-aaral na internasyonal sa mga nakatalagang kawani at mga opisina, tulad ng ERMCAA (aka relasyong pang-internasyonal, Office of the Student Affairs (OSA), Registrars, Guidance Center, at iba pang mga yunit habang sila ay nasa institusyon. Sa ganitong paraan, alam ng mga mag-aaral kung sino ang kanilang dapat kontakin sa mga oras na sila ay nahihirapan sa kanilang pag-aaral.

Maaari ring magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na internasyonal na magtrabaho bilang mga interno sa mga opisina ng institusyon, tulad sa opisina ng *international relations, library /aklatan, o computer labs.*

### **3.3.5 Gawaing Pangkultura**

Regular na inaayos ng SLU ang mga gawain at kaganapang pangkultura para magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na internasyonal na makihalubilo sa mga lokal na mag-aaral at ibahagi ang kanilang kultura. Ang mga gawaing



kros-kultural ay maaaring mga araw ng internasyonal o mga piyesta at maaring isama ang pagluluto, mga pag-awit at pagsayaw. Ang mga kaganapang pang multi-kultural ay humihikayat ng pagkakaiba-iba sa kampus at magkaroon ng pagkakataon para sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga tradisyon. Isinasali ng SLU ang mga mag-aaral na internasyonal sa mga tradisyonal na pambansang piyesta at iba pang piyestang panrelihiyon.

Ang ilan sa mga gawaing pangkultura na inaayos ng SLU upang ipagdiwang ang pagkakaiba-iba ng kultura ay ang Multicultural Night at International and Intercultural Days.

### **3.4 Buhay sa Kampus, kabilang ang mga Pasilidad at Tirahan/Akomodasyon**

Nilalayan ng SLU na suportahan ang mga mag-aaral na internasyonal sa kampus upang magkaroon ng pinakamahusay na karanasan bilang isang mag-aaral sa pamamagitan ng pagbigay ng pasilidad na may kalidad at komportableng tirahan upang makuha nila ang pinakamahusay na buhay sa kampus. Namamahala ang SLU ng mga dormitoryo, ang Ladies' Residence Hall (LRH) at Men's Residence Hall (MRH) na matatagpuan sa loob ng pangunahing kampus at gayundin ang Mary heights Campus sa Bakakeng. Maaasahan ang mga sebisyo sa pamamahala at pagpapalano sa kampus, pagpapanatili at seguridad.

Bukod sa mahusay na kalidad ng pagtuturo at mga pasilidad sa pag-aaral, tinitiyak ng Unibersidad na madaling matukoy ng mga mag-aaral na internasyonal ang mga dental at medikal na pasilidad, mga kainan, lugar pampalakasan, atbp. Ang iba't ibang pasilidad na susuporta sa kanilang buhay bilang mag-aaral ay magagamit:

- ✓ pasilidad sa medikal at dental: ospital, klinika, dental
- ✓ akomodasyon sa kampus, tirahan, mga dormitoryo (online na sistema ng pagpapareserba)
- ✓ mga kantina/food courts/mga restawran (makatuwirang presyo at pagkain para sa lahat ng relihiyon)
- ✓ isang sports complex na kumpleto sa gamit (may swimming pool, fitness center)
- ✓ mga silid-panalangin para sa mga Muslim/para sa ibang pananampalataya
- ✓ mga aklatan na nag-aalok ng mga online na aklat at akademikong jornal
- ✓ Mga English Speaking Zone/mga lugar kung saan may mga banyaga
- ✓ mga bangko at post office
- ✓ mga samahan ng mag-aaral
- ✓ libreng Wi-Fi sa buong kampus
- ✓ mga tindahan sa campus at tindahan ng libro
- ✓ mga serbisyo sa pangangalaga ng bata (mga nursery)
- ✓ sentrong pangkultura
- ✓ FRIENDS Teahouse





May mga nakatalagang *dorm masters* o mga puno ng dormitoryo na marunong mag-Ingles sa mga tirahan sa kampus. May nakatalagang seguridad sa buong kampus at regular na nagpapatrol sa buong paligid at tirahan ng mga mag-aaral.

Bilang karagdagan, ang suporta sa campus ay maaaring mula sa ERMCAA, Office of Student Affairs, sa Registrars, sa School of Advanced Studies para sa mga gradwadong mag-aaral at mula sa anim na paaralan (School of Accountancy, Management, and Computing Studies; School of Engineering & Architecture; School of Medicine; School of Natural Sciences, School of Nursing; School of Teaching & Liberal Arts) para sa mga undergraduate na mag-aaral.

### **3.5 Mga Serbisyo, kabilang ang Visa, Mga Isyu sa Imigrasyon, at Mga Suporta sa Impormasyon**

#### **3.5.1 Suporta Bago ang Pagdating (sa Bansa)**

Kapag naging matagumpay ang aplikasyon ng pag-aaral ng isang internasyonal na mag-aaral, ipaalam sa kanya ng tanggapan ng SLU na nangangasiwa dito ang tungkol sa mga kinakailangang sa pagproseso sa imigrasyon tulad ng isang study visa at iba pang dapat ayusin bago siya aalis ng kanyang bansa.

Magpapadala rin ang SLU ng link para sa *online English guide o handbook* na naglalaman ng mga makatutulong na impormasyon bilang paghahanda sa pag-aaral sa ibang bansa at ano ang maaaring asahan kapag nandoon na: tirahan, medikal na seguro, mga kinakailangan sa visa, badget para sa mga gastusin sa paninirahan sa ibang bansa, payo sa kung ano ang mga kailangang dalhin, impormasyon sa Unibersidad at kung paano ang pag-aaral dito, mga karaniwang pahayag sa lokal na wika, mga mapagkukunan ng impormasyon sa online, mga administratibong kagawaran at mga pasilidad sa kampus, atbp. Mahalagang gabay ang lathalang online na ito para sa mga internasyonal na mag-aaral, dinedetalye ang mga kapaki-pakinabang na impormasyong pang-akademiko at pakikipamuhay sa HEI at sa bansang kanyang tutuluyan.

Mahalagang makipag-usap sa mga darating na internasyonal na mag-aaral ilang araw o kahit ilang lingo bago sila dumating sa tutuluyan nito – sa SLU. Maaaring mapabilis ang komunikasyon sa pamamagitan ng E-counseling o online (hb., Skype, Zoom ) upang matiyak na maayos ang lahat bago ang pag-alis kasama ang tiyak na titirhan.

Ang opisinang kaugnay o mga kawani ang magbibigay sa bagong internasyonal na mag-aaral ng mga mahalagang dokumento sa pagproseso ng nararapat na visa mula sa kanilang sariling bansa bago ang kanyang pag-aaral sa HEI.

#### **3.5.2 Pagtanggap sa Pagdating**



Ang ERMCAA o ang paaralan ng mag-aaral ang mag-aayos ng pagsundo sa kanya sa paliparan. Tutulungan din nila ang mag-aaral sa kanyang tutuluyan, Kung may *local student buddy* na ang mag-aaaral, maaari na nitong samahan ang kawani sa pagsundo sa paliparan. Ang SLU ang maghahanda/magbibigay ng transportasyon papunta't pabalik sa paliparan.

Isang *orientation package* ang ibibigay sa darating na mag-aaral, isang maliit na aklat na pangabay na may mga batayang impormasyon, mapa ng kampus at siyudad, mga numero ng telepono at mga simpleng pahayag sa wikang lokal na maaaring magamit ng mag-aaral.

### 3.5.3 Tulong habang nasa Kampus

May itinatalagang departamento o tanggapan ang Unibersidad upang suportahan ang mga internasyonal na mag-aaral sa panahon ng kanilang pag-aaral (hb., ERMCAA, Opisina ng Students' Affair). Isang makabuluhang tulong na ibinibigay ng unibersidad ay kaugnay ng usapin sa Kagawaran ng Imigrasyon. Sa pagsisimula ng semestre, nag-iimbita ng mga kawani ng BOI ang Unibersidad upang magbigay ng oryentasyon sa mga polisiya, alituntunin at mga patnubay kaugnay sa pangangalaga at suporta sa mga internasyonal na mag-aaral. Kung kinakailangan, maaaring magtakda ng panahon ang Unibersidad na makabibisita ang mga opisyal ng imigrasyon sa kampus upang magbigay ng tulong sa mga mag-aaral na internasyonal at maging sa mga kawani ng institusyon.

Nakikipag-ugnayan ang ERMCAA sa iba pang kaugnay na mga yunit (hb., serbisyo para sa kapakanan ng mga mag-aaral at departamento ng tagatala/ registrar) upang tulungan ang mga mag-aaral na internasyonal na maayos ang mga bagay na may kaugnayan sa kanilang pag-aaral at paninirahan sa SLU. Umaalalay rin ang ERMCAA sa mga mag-aaaral na makipag-ugnayan sa mga samahan ng mga mag-aaral, higit sa samahan ng mga internasyonal na mag-aaral.

Ibinibilang ring matagumpay ang pagtulong sa mga mag-aaral na internasyonal na manirahan sa SLU ay ang pagtulong na makapagbukas sila ng *account* sa bangko, pagtiyak na mayroon silang naaangkop na segurong pangkalusugan, pagkakataong makipag-usap sa kanilang lokal na konsulado/ embahada, atbp.

Ang iba pang maaaring suporta sa kampus ay ang mga sumusunod:

- ✓ mga tanda/marka/palatandaan sa kampus sa wikang Ingles
- ✓ mga proyekto na nag-aalok ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na internasyonal na makapunta sa ibang bansa (hb., sa pamamagitan ng *institutional network*)
- ✓ paglahok sa mga sentrong pang-internasyonal sa HEI (hb., ASEAN Center, American Corner, atbp. )



### 3.5.4. Suportang Pang-impormasyon

Mayroong website sa wikang Ingles ang SLU ([www.slu.edu.ph](http://www.slu.edu.ph)), ang unang tsanel na naghahatid ng impormasyon sa internasyonal na pamayanan. Bilang karagdagan, ang bawat paaralan/ guro ay may Ingles na bersyon ng kanilang website na naglalaman ng mga mahalagang impormasyon para sa mga mag-aaral na internasyonal.

Tinitiyak din ng Unibersidad na may mga tiyak na tsanel ng komunikasyon para sa mga mag-aaral na internasyonal, tulad ng *group emailing lists*, *Facebook*, o *Line groups*, lahat ay nasa wikang Ingles. Ipinapaalam ng mga tsanel na ito ang mga kaugnay sa akademiko, panlipunan at mga parating na mga aktibidad at kaganapan.

Isa sa pinakamahalagang impormasyong maibibigay sa mga mag-aaral na internasyonal ay may kaugnayan sa paggabay sa pamamaraan ng imigrasyon. Kaya't regular na ipinapaalam ng ERMCAA sa mga mag-aaral na internasyonal ang mga bagong patakaran at iba pang kaugnay na anunsyo.

### 3.5.5 Tulong bago lisanin ang HEI

Ang mga kawani ng ERMCAA o ang paaralan na namamahala sa pagtulong sa mga mag-aaral ay makatutulong rin sa pag-ayos at paghanda ng mga dokumento at/o mga nakabinbing mga lokal na bagay bago ang kanilang pag-alis mula sa *host country* pagkatapos ng kanilang pagtatapos.

Titiyakin rin ng Unibersidad na makasali ang mag-aaral sa samahan o pangkat para sa mga nagsipagtapos sa programa upang magpatuloy ang ugnayan niya sa institusyon.

## 4. KONGKLUSYON

Ang nabuong modelo para sa pangangalaga at suporta para sa mga internasyonal na mag-aaral ay naglalayong tukuyin kung paano isasagawa ng SLU upang matagumpay na suportahan ang mga mag-aaral at makabuo ng isang pag-aaral at pakikipanirahan na mapagtanggap, magiliw at sumusuporta /nangangalaga. Ang mahalagang puntos na isinasaad ng papel na ito ay may kaugnayan sa mga polisiya at regulasyon kaugnay ng pangangalaga at suporta ng SLU sa mga internasyonal na mag-aaral gayundin ang mga tiyak na bagay na upang makapagbigay ng pangangalagang may kalidad, tulad ng pangangalaga sa edukasyon, kalusugan ( kasama ang pangkaisipan at pagpapayo), kultural at pakikiangkop sa lipunan, buhay sa kampus (kabilang ang mga pasilidad at tirahan) , at iba pang serbisyo (visa, imigrasyon, at mga impormasyon).



Co-funded by the  
Erasmus+ Programme  
of the European Union



F R I E N D S



**ERASMUS+ PROGRAMME, KEY ACTION 2  
CAPACITY BUILDING IN HIGHER EDUCATION  
Furthering International Relations Capacities and Intercultural Engagement to  
Nurture Campus Diversity and to Support Internationalisation at Home (FRIENDS)**

**SAINT LOUIS UNIVERSITY  
HOME AWAY FROM HOME PROGRAMME (HAFH)  
Guidelines for International Student Care and Support**

## **1. INTRODUCTION**

